# Pampribadong Pahayag ng Website

## Seguridad

Hindi nagtatago ang My Aged Care website ng iyong personal na impormasyon. Ang impormasyong kinokolekta sa website ay itinatagio sa My Aged Care system na maa-access lamang ng mga awtorisadong tao.

Ang Website ay na-test sa isang mataas na antas ng seguridad. Gayunman, pinapayuhan ang mga gumagamit na may likas na mga panganib sa pagpapadala ng impormasyon sa pamamagitan ng internet, kabilang ang panganib na ang impormasyong ipinadala papunta o mula sa isang website ay maaaring masabat, masira, o mabago ng mga third party. Kung mayroon kang anumang alalahanin tungkol sa seguridad, o kung nais mong magbigay ng personal na impormasyon sa ibang paraan (hal. sa pamamagitan ng telepono o papel), maaari kang makipag-ugnayan sa Contact Centre sa 1800 200 422.

## Analitika

Upang mapahusay ang iyong karanasan sa aming website, maaari kaming gumamit ng 'cookies'. Ang mga cookies ay ayon sa pamantayan ng industriya, at karamihan ng mga website ay gumagamit nito.

Kapag binisita mo ang site na ito, gumagawa ng rekord ang Departamento ng iyong pagbisita at itinatala ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga layuning istatistikal o para sa pangangasiwa ng sistema:

- ang server address ng gumagamit
- ang pinakamataas na antas ng domain name ng gumagamit
- ang petsa at oras ng access sa site
- ang mga pahinang na-access at dokumentong na-download
- ang site na binisita bago ito
- tipo ng browser na ginamit.

Ang impormasyong ito ay sinuri upang ipakita ang mga nasirang link sa aming website, mga hadlang sa paggamit, at ibang problema ng site. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang mapanatili ang aming site para sa iyong episyenteng paggamit.

Gumagamit ang Departamento ng cookies upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa isang gumagamit sa loob ng isang sesyon ng website. Ang cookie ay isang maliit na file na ibinibigay ng Departamento at iniimbak ng web browser software sa iyong computer kapag ina-access mo ang aming site. Pinahihintulutan kami ng cookies na makilala ka bilang isang indibidwal na gumagamit ng web habang ikaw ay nagba-browse sa aming website.

Dalawang tipo ng cookies ang maaaring gamitin ng website na ito:

### *Session cookies*

Umiiral lamang ang mga ito sa tagal ng isang sesyon ng web browser sa isang partikular na website o host. Kaagad mawawala ang lahat ng cookies kapag tinapos mo na ang iyong internet session o pinatay ang iyong computer. Ang aming kopya ng iyong impormasyon ay awtomatikong buburahin 20 minuto matapos mong huling gamitin ang sistema. Ginagamit lamang ang impormasyong ito upang matulungan kang mas episyenteng magamit ang aming mga sistema ng website, at hindi upang subaybayan ang iyong mga galaw sa internet o magtala ng pribadong impormasyon tungkol sa iyo.

### *Persistent cookies*

Umiiral ang mga ito sa loob ng isang itinakdang panahon (karaniwan ay lampas sa pagtatapos ng kasalukuyang sesyon) bago mag-expire.

## Pagkapribado ng mga cookie

Walang gagawing pagtatangka na kilalanin ang mga gumagamit o ang kanilang mga aktibidad sa pagba-browse maliban kung ito ay iniaatas ng batas, gaya sa kaso ng isang imbestigasyon, kung saan maaaring gamitin ng isang ahensiya ng nagpapatupad ng batas ang isang warrant upang siyasatin ang mga log file ng Internet Service Provider.

Maaari kang tumanggi na gumamit ng mga cookie sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na mga setting sa iyong browser. Gayunpaman, mangyaring tandaan na kung gagawin mo ito, maaaring hindi mo magamit nang husto ang functionality.

Gumagamit ang aming website ng Google Analytics, isang serbisyong nagdadala ng website traffic data sa mga Google server sa Estados Unidos. Hindi kinikilala ng Google Analytics ang mga indibidwal na user o isinasama ang iyong IP address sa anumang data na hawak ng Google. Gumagamit kami ng mga ulat na ibinigay ng Google Analytics para tulungan tayong maintindihan natin ang website traffic at webpage usage.

Sa pamamagitan ng paggamit nitong website, nagbibigay ka ng pahintulot na iproseso ang mga datos tungkol sa iyo ng Google sa paraang inilarawan sa pribadong patakaran ng Google at para sa mga layuning nakasaad sa itaas. Maaari kang mag-opt out sa Google Analytics kung idi-disable o tatanggihan mo ang cookie, i-diable ang JavaScript, o gamitin ang serbisyong opt-out na ibinigay ng Google.